# SI DIANE CHARLES BRESLIN, DATING KATOLIKO, ESTADOS UNIDOS (BAHAGI 3 NG 3)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Si Diane ay tinalakay ang kanyang pagtanggap sa Islam, ang kanyang bagong buhay, at isang panalangin para sa Amerika.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga kuwento ng mga Bagong Muslim Kababaihan

**Ni:** Diane Charles Breslin

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 04 Oct 2009

## Ang Aking Paglalakbay sa Islam

Tumagal ng tatlong buong taon ng aking paghahanap at pag-aaral ng Quran bago ako naging handang ipahayag na nais kong maging isang Muslim. Siyempre ako ay natakot sa mga pagbabago sa pananamit at mga gawi, tulad ng pakikipag-deyt at pag-inom kung saan ako nasanay. Ang musika at pagsasayaw ay isang malaking bahagi ng aking buhay, at ang mga tupis at babong (mini skirts) ay ang aking naging daan sa katanyagan. Samantala, hindi ako nagkaroon ng pagkakataong makatagpo ng sinumang mga Muslim, dahil wala sa aking lugar maliban sa ilang mga dayuhang hindi halos nakakapagsalita ng Ingles na ilang oras na pagmamaneho ang layo sa tanging moske sa estado sa panahong yaon. Kapag ako ay nagpupunta sa pagdarasal ng Biyernes upang subukan at suriin kung ano ang aking isasaalang-alang, nakakatanggap ako ng mga nakaw na sulyap dahil ako marahil ay pinaghihinalaang isang espiya tulad ng naging usapin, at nananatili pa rin, sa karamihan ng mga Islamikong pagtitipon. Wala ni isa mang Muslim na Amerikano ang naroroon upang tulungan ako at, tulad ng aking sinabi, ang lahat ng mga populasyon ng mga dayuhan sa halip ay nanlalamig para magsalita nang kahit kaunti.

Sa Kalagitnaan ng yugtong ito ng aking buhay, ang aking ama ay pumanaw sa kanser. Ako ay nasa tabi ng kanyang kama at literal na nasaksihan ang anghel ng kamatayang ng tanggalin ang kanyang kaluluwa. Siya ay kinapitan ng takot habang ang mga luha ay gumugulong sa kanyang mga pisngi. Isang maluhong buhay, yate, samahang pampamayanan, mamahaling sasakyan ... para sa kanya at sa aking ina, lahat ay bunga ng kita sa pagpapatubo, at ngayon itong lahat ay nagwakas na.

Ako ay nakaramdam ng isang biglaang paghahangad na pasukin ang Islam nang agaran, habang may oras pa, at baguhin ang aking mga pamamaraan at hindi na magpatuloy sa bulag na hangarin kung saan ako pinalaking maniwala kung ano ang mabuting buhay. Hindi nagtagal pagkatapos ay nagpunta ako sa Ehipto, at sumama sa isang mahabang mabagal na paglalakbay sa pamamagitan ng himala ng wikang Arabe

at ang pagkatuklas sa malinaw na katotohanang - ang Diyos ay Nag-iisa, ang Walang-katapusang Walang Hanggan; Na Siyang hindi kailanman ipinanganak o nagka-anak at wala sa lahat ang anumang katulad Niya.

Ang bunga ng pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga tao ang nakaakit sa akin ng lubos sa relihiyong yaon. Ang Propeta Muhammad, nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya, ay nagsabing ang mga tao ay katulad ng mga ngipin ng isang suklay - lahat ay pantay, ang pinakamainam ay ang naging pinakamatuwid. Sa Quran, tayo ay sinabihan na ang pinakamainam ay ang siyang pinakamatuwid. Ang pagiging matuwid ay kinabibilangan ng pagmamahal at pagkatakot sa Diyos lamang. Ngunit bago ka maaari talagang maging matuwid, dapat mong makilala kung sino ang Diyos. At ang makilala Siya ay ang mahalin Siya. Sinimulan kong mag-aral ng Arabe upang mabasa ang salita ni Allah sa Arabe kung papaano ito ipinahayag.

Ang pag-aaral sa Quran ang nagpabago sa bawat bahagi ng aking buhay. Hindi na ako naghahangad na magkaroon ng anumang makamundong karangyaan; alinman sa mga sasakyan o damit o mga paglalakbay na maaaring makaakit sa akin sa sapot ng walang kabuluhang pagnanasa na kung saan ako nahumaling noon. Ako ay nasisiyahan sa isang katamtamang kagandahan ng buhay ng isang mananampalataya; ngunit tulad ng sinasabi nila... ito ay hindi na nakabaon sa puso... nasa kamay na lamang. Ako ay hindi nababahala sa pagkawala ng aking mga dating kaibigan o kamag-anak - kung ang Diyos ay loloobin na sila ay mapalapit, magkagayon ay mangyayari ito, ngunit alam kong ang Diyos ay bibigyan ako ng tiyak na aking kailangan, walang labis - walang kulang. Hindi na ako nakakaramdam ng pagkabalisa o pagkalungkot, ni hindi rin ako nakakaramdam ng panghihinayang sa anumang nagdaan sa akin, dahil ako ay ligtas sa pangangalaga ng Diyos - ANG NAG_IISA AT NATATANGI na Siya kong palaging nakikilala ngunit hindi nalalaman ang Kanyang pangalan.

## Isang Panalangin para sa Amerika

Aking ipinagdarasal sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat na mabigyan ng pagkakataong makatanggap ng mensahe ng kaisahan ng Diyos sa isang payak, tahasang pamamaraan ang bawat Amerikano... Ang mga Amerikano ay, sa malaking bahagi, ay higit na hindi nasabihan patungkol sa wastong Islamikong teolohiya. Ang diin ay halos palaging sa politika, na nakatuon sa mga gawa ng tao. Napapanahon nang pagtuunan ng pansin ang mga gawa ng mga propeta na lahat ay dumating upang akayin tayo palabas mula sa kadiliman at patungo sa liwanag. Walang alinlangan na ang kadiliman ay nananatili sa karamdamang nakakaapekto sa Amerika ngayon. Ang liwanag ng katotohanan ay magsisilbi sa ating lahat, at piliin man o hindi ng sinuman na sundin ang Islamikong landas, walang duda na ang pagharang dito o ang paghadlang ng iba mula sa pagsunod dito ay tiyak na hahantong sa karagdagang pagdurusa. Ako ay labis na nagmamalasakit para sa mahusay na kinabukasan ng aking bansa, at ako ay nakatitiyak na ang pag-aaral ng higit pa tungkol sa Islam ay mapapalaki ang mga pagkakataong ang aking pag-asa ay matupad.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/tl/articles/110/si-diane-charles-breslin-dating-katoliko-estados-unidos-bahagi-3-ng-3

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.